SINASAKLAW NG MGA ORDINANSANG ITO ANG LAHAT NG EMPLEYADONG NAGTATRABAHO SA LOOB NG MGA HANGGANAN NG LUNGSOD NG SEATTLE, ANUMAN ANG STATUS SA IMIGRASYON NG MGA EMPLEYADO O SAANMAN ANG LOKASYON NG KANILANG EMPLOYER.

Dapat sumunod ang mga employer sa mga batas na ito. Ilegal ang pagpaparusa dahil sa paghahain ng reklamo o hinaing.

# Mga Ordinansa sa Mga Pamantayan ng Pagtatrabaho ng Seattle para sa 2024

Nilalayon ng Tanggapan ng Mga Pamantayan sa Pagtatrabaho (Office of Labor Standards) na isulong ang mga pamantayan sa pagtatrabaho sa pamamagitan ng maingat na ugnayan sa komunidad at negosyo, madiskarteng pagpapatupad, at pagbuo ng makabagong patakaran, nang may paninindigan sa pagkakapantay-pantay ng lahi at katarungang panlipunan.

Dapat ilagay ang poster na ito sa isang kapansin-pansing bahagi sa lugar ng trabaho, sa wikang Ingles at sa (mga) wikang sinasalita ng mga empleyado.

Nagbibigay ang Tanggapan ng Mga Pamantayan sa Pagtatrabaho ng mga serbisyo ng pagsasalin ng wika, interpretasyon, at tulong para sa mga taong may kapansanan.

## Minimum na Sahod

### ITINATAKDA ANG MGA MINIMUM NA SAHOD PARA SA MGA EMPLEYADO

**Mga Malaking Employer**

(501 O HIGIT PANG MGA EMPLEYADO)

**$19.97**

BAWAT ORAS

**Mga Maliit na Employer**

(500 O MAS KAUNTING MGA EMPLEYADO)

Nagbabayad ba ang employer ng hindi bababa sa $2.72 bawat oras para sa mga medikal na benepisyo ng indibidwal na empleyado at/o kumikita ba ang empleyado ng hindi bababa sa $2.72 bawat oras sa mga tip?

| HINDI | OO |
|---|---|
| **$19.97** BAWAT ORAS | **$17.25** PER BAWAT ORAS |

**Laki ng Employer**
Bilangin ang kabuuang bilang ng lahat ng empleyado sa buong mundo ng employer. Para sa mga franchise, bilangin ang lahat ng empleyado sa franchise network.

**Mga Medikal na Benepisyo – Maliliit na Employer**
Upang mabayaran ang mas mababang bayad kada oras, ang pagbabayad ng maliit na employer ay dapat na para sa pilak na antas o mas mataas na plano sa mga medikal na benepisyo ayon sa pagpapakahulugan ng Affordable Care Act (Batas sa Abot-kayang Pangangalaga) ng pederal na pamahalaan.

» Hindi maaaring magbayad ng mas mababang bayad ang maliit na employer kung tumanggi o hindi kwalipikado para sa mga medikal na benepisyo ang empleyado.

## Bayad na Oras para sa Pagkakasakit at Isyung Pangkaligtasan

### NAG-AATAS NG BAYAD NA BAKASYON PARA MGA ISYUNG MEDIKAL O PANGKALIGTASAN

Dapat magbigay ang mga employer sa mga empleyado ng bayad na bakasyon upang alagaan ang kanilang mga sarili o miyembro ng pamilya.

(Anak, Magulang, Asawa, Nakarehistrong Kinakasama, Lolo/Lola, Apo, Kapatid)

**Oras para sa Pagkakasakit:** Kundisyong pangkalusugan ng katawan o pag-iisip, na may kasamang medikal na appointment

**Oras para sa Isyung Pangkaligtasan:** Mga dahilang nauugnay sa karahasan sa tahanan, sekswal na pananamantala, palihim na pagsubaybay (stalking) o mga isyung pangkalusugan ng publiko*

**Mga Rate ng Bayad na Oras para sa Pagkakasakit at Isyung Pangkaligtasan (Paid Sick & Safe Time, PSST)**

| | ANTAS 1 | ANTAS 2 | ANTAS 3 |
|---|---|---|---|
| **Laki ng Employer** MGA EMPLEYADONG NAGTATRABAHO NANG FULL-TIME (FULL-TIME EQUIVALENT EMPLOYEE, FTEs) SA BUONG MUNDO | **Hanggang 49** NA FTE | **50 – 249** NA FTE | **250+** FTE |
| **Pagkaipon ng PSST** SA BAWAT ORAS NA TINRABAHO | **1 oras** KADA 40 ORAS | **1 oras** KADA 40 ORAS | **1 oras** KADA 30 ORAS |
| **Paglipat ng hindi nagamit na PSST** BAWAT TAON | **40 oras** | **56 na oras** | **72 oras**** |

* MAGAGAMIT DIN ANG ORAS PARA SA ISYUNG PANGKALIGTASAN UPANG MAG-ALAGA NG MIYEMBRO NG PAMILYA

**108 ORAS PARA SA MGA ANTAS 3 NA EMPLOYER NA MAY PATAKARAN SA BAYAD NA HINDI PAGPASOK (PAID TIME OFF, PTO)

## Pantay na Pagkakataon sa Trabaho

### NILILIMITAHAN ANG PAGGAMIT NG MGA REKORD NG PAGKAKASALA SA HUKUMAN AT PAGKAKAARESTO

**Ipinagbabawal:**

- Mga ad ng trabaho na ibinubukod ang mga aplikanteng may mga rekord ng pagkakasala sa hukuman o pagkakaaresto
- Mga aplikasyon sa trabaho na may mga tanong tungkol sa mga rekord ng pagkakasala sa hukuman o pagkakaaresto, maliban kung nasala na ng employer ang aplikante para sa mga minimum na kwalipikasyon
- Pagkakait ng trabaho (o iba pang hindi magandang pagkilos sa trabaho) batay lamang sa rekord ng pagkakaaresto

**Nalalapat ang ilang pagbubukod, kung saan kabilang ang mga trabahong may hindi pinapangasiwaang ugnayan sa mga batang wala pang 16 na taong gulang, mga taong may mga developmental disability, o mga nasa hustong gulang na mahina ang katawan**

**Kinakailangan ng mga employer na:**
Ipagpaliban ang pagsusuri sa kriminal na background hanggang sa matapos ang pagsasala ng mga aplikante para sa mga minimum na kwalipikasyon

Sundin ang mga pamamaraan bago magsagawa ng hindi magandang pagkilos batay lang sa pagsusuri sa kriminal na background:

» Magbigay ng pagkakataon upang maipaliwanag o maiwasto ang impormasyon ng pagsusuri sa kriminal na background

» Panatilihing bukas ang posisyon sa loob ng hindi bababa sa dalawang araw ng negosyo

» Magkaroon ng lehitimong dahilang pangnegosyo na ang pagkuha sa taong iyon ay makakasama sa negosyo o makakaapekto sa kakayahan ng empleyadong gawin ang trabaho

## Pagnanakaw ng Sahod

### NAGBIBIGAY NG MGA PROTEKSYON LABAN SA PAGNANAKAW NG SAHOD

Dapat ibigay ng mga employer ang lahat ng pasahod sa regular na araw ng sweldo at dapat nilang bigyan ang mga empleyado ng nakasulat na impormasyon tungkol sa kanilang trabaho at sahod.

**Kasama dapat sa nakasulat na impormasyon ang:**

- Pangalan at impormasyon sa pakikipag-ugnayan ng employer
- Rate ng sahod, pagiging kwalipikado sa bayad sa overtime, mga batayan ng sahod (oras, shift, araw, linggo, komisyon), at regular na araw ng sweldo ng empleyado
- Paliwanag tungkol sa patakaran sa tip ng employer
- Nakadetalyeng pahayag ng impormasyon ng sahod sa mga araw ng sweldo

**Mga halimbawa ng mga kinakailangan sa pagpapasahod:**

- Magbayad ng minimum na sahod
- Magbayad ng overtime
- Magbayad para sa mga panahon ng pahinga
- Magbayad ng ipinangakong halaga
- Magbayad para sa pagtatrabaho pagkatapos ng shift
- Magbayad ng mga tip
- Magbayad ng mga singil sa serbisyo (maliban kung nakasaad sa resibo o menu na hindi ito ibabayad sa (mga) empleyadong nagsisilbi sa customer)
- Ibalik ang mga ginastos ng employer
- Walang maling pag-uuri ng mga empleyado

## Mga Benepisyo ng Komyuter

Ang mga employer na may 20 o higit pang empleyado ay dapat mag-alok sa mga empleyado, na karaniwang nagtatrabaho nang sampung oras o higit pa kada linggo, ng kakayahang ibawas ang mga gastos sa pampublikong transportasyon o vanpool mula sa mga napapatawan ng buwis na sahod ng empleyado nang hanggang sa pinakamataas na antas na pinapahintulutan ng pederal na batas sa buwis. Upang matugunan ang kahingiang ito, sa halip ay maaaring magbigay ang mga employer ng pass sa pampublikong transportasyon na may buo o bahagyang tulong o subsidyo. Dapat ialok ng mga employer ang benepisyong ito sa loob ng 60 araw ng kalendaryo mula sa petsa ng pagsisimula ng empleyado.

## Makipag-ugnayan sa Amin

**Mga Empleyado**
Magsampa ng reklamo sa OLS o magsampa ng demanda sa korte

**Mga Employer**
Kumuha ng tulong sa pagsunod at/o tumanggap ng pagsasanay

**206-256-5297**
www.seattle.gov/laborstandards

810 THIRD AVE, SUITE 375
SEATTLE, WA 98104

LABORSTANDARDS@SEATTLE.GOV